Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

11 Agosto 2024 | Ika-19 na Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

SI HESUS, ANG BANAL NA PAGKAIN PARA SA MGA NAGLALAKBAY

Ang buhay ay karaniwang inihahambing sa isang paglalakbay. Tunay ngang ang ating buong buhay sa maraming paraan ay kahawig ng ilan nating paglalakbay. Dahil sa mga di kanais-nais na pangyayaring maaaring maganap, hinihiling natin sa Panginoong samahan tayo, kung paanong sinamahan Niya at pinakain ang Kanyang Bayang Pinili at ang propetang si Elias sa kani-kanilang paglalakbay sa disyerto.

Sa paglalakbay natin sa ating buhay, ipinakikita ng Diyos ang Kanyang malasakit sa ating kaligtasan at pagkain sa pamamagitan ng presensiya ni Hesus, na kasama natin sa paglalakbay at ang Tinapay ng Buhay. Nawa'y gabayan niya tayo ng kanyang nagbibigay-buhay na Salita. Bilang Pagkaing buhat sa langit, nawa'y alalayan at palakasin niya tayo sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tipan mo, Poon, sa amin ay huwag mong lilimutin nang ang aba'y h'wag apihin at kalaban mo'y matigil sa kanilang paniniil.

Pagbati

P – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
B – **Amen**
P **–**Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo, nawa's sumainyong lahat!
B **–At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging karapat-dapat sa banal na pagdiriwang. *(Manahimik saglit.)*

P **–**Panginoong Hesus,walang makadudulog sa iyo kung hindi dahil sa Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!
B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, ikaw ang Pagkain at Inuming buhat sa langit. Kristo, kaawaan mo kami!
B **–Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, kaloob mo ang iyong katawan para sa buhay ng sanlibutan. Panginoon, kaawaan mo kami!
B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B **–Amen!**

Papuri

B **–**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, lakas-loob ka naming tinatawagan sa ngalan mong Ama naming banal. Sa kalooban namin ay panahanin mong lubos ang iyong Espiritung sa ami'y kumukupkop upang sa lupaing ipinangako kami'y makapasok sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***1 Ha 19:4-8***
Sa kanyang paglalakbay sa disyerto, si Elias ay pinalakas ng tinapay at inuming galing sa Diyos. Ang mahimalang pagkai't inuming ito ay pagbabadya sa Eukaristiya, na siyang "pagkai't inumin buhat sa langit."

L– Pagbasa mula sa Unang Aklat ng mga Hari

Noong mga araw na iyon, si Elias ay mag-isang pumunta sa ilang. Pagkatapos ng maghapong paglalakad ay naupo siya sa lilim ng isang puno ng retama at nanalangin nang ganito: "Panginoon, kunin na po ninyo ako. Ako po'y hirap na hirap na. Nais ko na pong mamatay." Pagkatapos, nahiga siya at nakatulog.

Ngunit dumating ang isang anghel, kinalabit siya at ang sabi: "Gising na at kumain ka!" Nang siya'y lumingon, nakita niya sa may ulunan ang isang tinapay na niluto sa ibabaw ng mainit na bato, at tubig sa isang sisidlan. Kumain nga siya at uminom. Pagkatapos ay nahiga uli. Ngunit bumalik ang anghel ng Panginoon, kinalabit siya uli at sinabi: "Bumangon ka at kumain. Napakahaba pa ng lalakarin mo." Kumain nga siya at uminom at siya'y lumakas. Sa tulong ng pagkaing iyon, naglakbay siyang apatnapung araw at apatnapung gabi, hanggang sa Horeb, ang Bundok ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos!
B **–Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 33***

B –Magsumikap tayong kamtin ang Panginoong butihin!

R. M. Velez



*** Panginoo'y aking laging pupurihin; sa pasasalamat di ako titigil. Aking pupurihin kanyang mga gawa. Kayong naaapi, makinig, matuwa!** ***B.***

*** Ang pagkadakila niya ay ihayag at ang ngalan niya'y purihin ng lahat! Ang aking dalangi'y dininig ng Diyos. Nawala sa akin ang lahat kong takot.** ***B.***

*** Nagalak ang aping umasa sa kanya, 'pagkat di nabigo ang pag-asa nila. Tumatawag sa Diyos ang walang pag-asa. Sila'y iniligtas sa hirap at dusa.** ***B.***

*** Anghel yaong bantay sa may takot sa Diyos, sa mga panganib, sila'y kinukupkop. Ang galing ng Poon hanaping masikap. Yaong nagtiwala sa kanya't nagligtas ay maituturing na taong mapalad.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Ef 4:30-5:2***
Kailangang tayo'y karapat-dapat para sa pagtanggap ng Eukaristiya. Sa pangangaral ni San Pablo sa mga taga-Efeso, binibigyang-diin ang mahahalagang kailangan para sa karapat-dapat na pagtanggap ng Komunyon. pagtanggap ng Komunyon.

L– Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid: Huwag ninyong dulutan ng pighati ang Espiritu Santo, sapagkat ito ang tatak ng Diyos sa inyo, ang katibayan ng inyong katubusan pagdating ng takdang araw.

Alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob, galit at poot; huwag na kayong mambubulyaw, manlalait, at mananakit ng damdamin ng kapwa. Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa't isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo.

Yamang kayo'y mga anak na minamahal ng Diyos, tularan ninyo siya. Mamuhay kayong puspos ng pag-ibig tulad ni Kristo; dahil sa pag-ibig sa atin, inihandog niya ang kanyang buhay bilang mahalimuyak na hain sa Diyos.

Ang Salita ng Diyos!
B **–Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Jn 6:51***

B **–Aleluya! Aleluya!**
Pagkaing dulot ay buhay, si Hesus na Poong mahal. Buhay natin s'ya kailanman.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Jn 6:41-51***
Hindi tinanggap ng mga Judio si Hesus bilang "ang Pagkaing bumaba mula sa langit," gayunman, hindi niya binawi ang gayong pahayag. Sa katunayan, pinagulit-ulit pa niya ito at ipinahiwatig sa pag-aalay ng kanyang sarili bilang pagkaing nagbibigay-buhay sa sanlibutan.

P **–**Sumainyo ang Panginoon!
B **–At sumaiyo rin!**
P **–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B **–Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, nagbulung-bulungan ang mga Judio dahil sa sinabi ni Hesus, "Ako ang pagkaing bumaba mula sa langit." Sinabi nila, "Hindi ba ito si Hesus na anak ni Jose? Kilala natin ang kanyang ama't ina. Paano niya ngayong masasabi: 'Bumaba ako mula sa langit'?"

Kaya't sinabi ni Hesus, "Huwag kayong magbulungbulungan. Walang makalalapit sa akin malibang dalhin siya ng Amang nagsugo sa akin. At ang lalapit sa akin ay muli kong bubuhayin sa huling araw.

Nasusulat sa aklat ng mga propeta, 'At silang lahat ay tuturuan ng Diyos.' Ang bawat nakikinig sa Ama at natututo ay lalapit sa akin. Hindi ito nangan-

TALASALITAAN: • ***Manna:*** Ang mahimalang pagkaing ipinadala ng Panginoon sa Kanyang bayan sa apatnapung taon nilang paglalakbay sa ilang.

gahulugang may nakakita na sa Ama; yaong nagmula sa Diyos ang tanging nakakita sa Ama.

Sinasabi ko sa inyo: ang nananalig sa akin ay may buhay na walang hanggan. Ako ang pagkaing nagbibigay-buhay. Kumain ng manna ang inyong mga ninuno nang sila'y nasa ilang, gayunma'y namatay sila. Ngunit ang sinumang kumain ng pagkaing bumaba mula sa langit ay hindi mamamatay. Ako ang pagkaing nagbibigay-buhay na bumaba mula sa langit. Mabubuhay magpakailanman ang sinumang kumain nito. At ang pagkaing ibibigay ko sa ikabubuhay ng sanlibutan ay ang aking laman."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P* –**Tunay na dakila ang kalinga at malasakit ng Diyos sa atin. Bunsod ng pananalig na Siya ay kasama natin sa ating paglalakbay sa buhay upang tayo'y samahan, ingatan, at palakasin, manalangin tayo:

***B* – Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Para sa Simbahang naglalakbay na bayan ng Diyos sa lupa: Nawa'y sa harap ng pagtatakwil at pag-uusig, ay hindi siya panghinaan ng loob bagkus patuloy na manalig sa tulong ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, ating obispo, at lahat ng namumuno sa bayan ng Diyos: Nawa sila'y maging tulad ng anghel na sugo ng Panginoon para palakasin at pasiglahin ang propetang si Elias. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga pinunong panlipunan at pampamahalaan: Nawa'y lingapin nila't itaguyod ang kapakanan ng mga tao, lalo na ang mahihina o napagsasamantalahan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga itinatakwil at pinag-uusig dahil sa kanilang katapatan sa Ebanghelyo: Nawa'y manindigan sila sa kanilang pananampalataya at lubos na magtiwala sa tulong ng Panginoon. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating komunidad at mga pamilya: Nawa'y sa pagtalima sa mga pangaral ni San Pablo, isa-isantabi natin ang samaan ng loob at matuto tayong magpakabait, magpatawad, at mahabag sa isa't isa gaya ng turo sa atin ni Hesus. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng may panunungkulang pampolitika: Nawa'y lagi silang nakatuon sa paglilingkod, at sa pagkilos para sa wastong paglaganap ng lipunan at sa kapakanang pangkalahatan, lalu na sa pangangalaga para sa mahihirap at mga nawalan ng ikabubuhay. Manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Panginoong Diyos, salamat sa Iyong patuloy na pagiging kasama namin sa kabila ng aming mga pagkukulang at di pagiging tapat. Maipahayag nawa ang aming tapat na pagkilala sa Iyong pagmamahal sa amin sa pamamagitan ng kabaitan sa isa't isa, habag, at pagpapatawad. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P* –** Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P* –**Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang mga alay ng iyong sambayanan. Ang ipinagmagandang-loob mong ibigay sa amin upang maihain ay siya nawang gumanap ng iyong ginagawa upang kami'y tubusin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

Prepasyo IV

***P* –**Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B* –Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P* –**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B* –Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P* –**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* –Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

PAKIKINABANG

B **– Ama namin . . .**
P **–** Hinihiling namin . . .
B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P **–**Ito ang Kuya nating si Hesus na nagpapasigla sa atin sa paglalakbay sa ating buhay. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Purihin mo, Jerusalem, Poon ay iyong purihin. Siya ay lubhang butihing nagbibigay ng pagkaing mayro'ng linamnam na angkin.

Panalangin Pagkapakinabang

P **–**Ama naming mapagmahal, ang pakikinabang namin sa piging na banal ay magdulot nawa sa amin ng kaligtasan at magtanghal sa amin sa luningning ng iyong katapatan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

PAGWAWAKAS

P **–**Sumainyo ang Panginoon.
B **–At sumaiyo rin!**

P **–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
– Sumainyo nawa ang Diyos Amang maluwalhati upang iligtas kayo sa lahat ng panganib sa inyong paglalakbay sa buhay.
B **–Amen!**

P **–**Pagkalooban nawa kayo ni Hesukristong Anak ng Diyos ng kanyang Katawan at Dugo sa paglalakbay ninyo sa disyerto ng buhay.
B **–Amen!**

P **–**Gabayan nawa kayo ng Diyos Espiritu Santo sa wastong pagpapasya at aliwin kayo sa inyong mga pagdurusa.
B **–Amen!**

P **–**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo at nawa'y manatiling kasama ninyo magpakailanman.
B **–Amen!**

P **–**Humayo kayo at maging kasangkapan ng pagmamahal ng Diyos sa paglalakbay sa buhay.
B **– Salamat sa Diyos!**

TIKMAN AT TINGNAN!

Kalakbay at Katoto

Kadustaan ang tila karanasan ni Elias . . . sa ilang . . . sa lugar ng tiyak na kamatayan . . . Kawalang pag-asa ang tila paulit-ulit na saknong ng kanyang mapait na awit: *"Tama na . . . sobra na . . . Wala akong kaibahan sa aking mga ninuno. Panawan na sana ako ng buhay!"* Subali't isang anghel ang makailang ulit na isinugo ng Diyos sa kanya habang siya ay naidlip sa ilalim ng puno. *"Tingnan, tikman . . . paunlakan ang kaloob kong pagkain. Mahaba pa ang iyong lakbayin."*

Alam natin ang bungang idinulot ng pagkaing yaon . . . lakas, panibagong buhay, at kapasyahang maglakbay pa at magpatuloy sa kanyang atang na tungkulin. Naglakbay siya, dala ng kalakasang dulot ng tinapay mula sa langit, nang apatnapung araw at apatnapung gabi!

Iba magmahal ang Diyos! Susubukan ka Niya muna . . . gugutumin . . . dudustain . . . hahamakin ng madla. Iba magmahal ang Poong Maykapal . . . isusuong ka muna sa lahat ng uri ng kapaitan, kahirapan, pagsubok at pagtupok ng iyong papiruk-pirok at papiyok-piyok na pag-asa!

Nguni't hindi ka Niya lubusang bibitawan. Hindi ka lubos na papanawan ng lahat ng katugunan maging sa pinakamatinding mga suliranin. Ito ang pinanghahawakan natin sa araw na ito . . . ang buod, ang lagom, ang puno at dulo ng magandang balita . . . ***"Tikman at tingnan ang kagandahang-loob ng Diyos."***

Di lamang apatnapung araw at apatnapung gabi ang bayang

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

Pilipino naglalakbay sa karimlan. Di lamang mapapait na kadustaan at kahihiyan ang sinapit natin sa pandaigdigang pagtingin. Di miminsang nilibak tayo at inalipusta ng bansang mayayaman, bilang isang mumurahing lahi ng mga DH at utusan. Di miminsang tayo ay nilibak sa kaguluhan at karumihan ng ating politika.

Subali't may mga Elias, Eliseo at Jeremias at Jonas na patuloy na isinugo ang Diyos sa atin. Silang mga sugo ay naging mapait rin ang mga sinapit.
Sa araw na ito, wala akong masabi kundi itong payak na katotohanang dulot ng tugon natin sa unang pagbasa: *"Tikman at tingnan ang kagandahang-loob ng Diyos."*

Makatotohahan ang mga binabanggit ni Pablo sa ikalawang pagbasa: *"Ang lahat ng kapaitan ng loob, poot, galit, pagtungayaw at pag-alipusta ay dapat maglaho sa inyo . . . At maging mabait kayo sa isa't isa at magpatawad sa isa't isa."*

Halos imposible na hindi natin matikman at matingnan ang kagandahang-loob ng Diyos sa atin. Mahirap tayong bansa . . . Oo . . . Marami sa atin ay mga naninilbihan sa mga among banyaga sa ibang bansa. Marami sa atin ay nagbabanat ng buto nang malayo sa mga mahal sa buhay.

Sa kabila ng lahat, ang pananampalataya natin sa Eukaristiya ay namaulo, lumutang at umusbongsa maraming pagkakataon sa ating kasaysayan. Pinatunayan natin na sa kadustaan, sa kahirapan, at kapanglawan ay may nagkukubling panibagong buhay – ang buhay na walang hanggan na siyang pangako ng Ginoong nagwika: *"sino mang kumain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman."*

Patuloy nating natitikman ang kapangyarihan ng Eukaristiya. Natitingnan natin magpahanggang ngayon ang kaniyna dakilang habag at kalinga. Halina at dumulog pang muli at makibahagi sa tinapay na naghahatid ng buhay na walang hanggan.! Tulad ni Elias. Tulad ni Jeremias. At tulad ng lahat ng tinig na sumisigaw: *"Hesus, Anak ni David, maawa ka sa akin!"*

Kaawaan mo ang aming bayan, O Panginoon! Kahabagan mo kami, O Panginoon! Maging isang bayan nawa kami, batay sa iisang pananampalataya. Dahil sa iisang binyag. At bunsod ng pagkatikim at pagkakita sa iisang Diyos at iisang Panginoon. Tanging Siya lamang ang puno ng awa at habag at kaganapan ng kagandahang-loob.

THE HOLY ROSARY • ANG SANTO ROSARYO

Authors:
Jess P. Balon
(Conceptualization and Text)
Bede Hernani V. Cleofe
(Illustrations)
Dondy S. Daguio
(Cover)
Ruben Molomog
(Layout)

Contents:
A set of 24 illustrations visualizing the mysteries of the Rosary. Each illustration is accompanied by a descriptive title and a short commentary. All the prayers used in the recitation of the Rosary. The content is both in English and Tagalog.

Audience:
All Catholics, especially the devotees of Mary Most Holy

Technical Data:
2.75" x 3.85"; 48 pages, in B/W; cover in full color; saddle-stitched

THE HOLY ROSARY & OTHER MARIAN DEVOTIONS



Authors:
Jess P. Balon
(Conceptualization and Text)
Bede Hernani *V. Cleofe*
(Illustrations)
Dondi S. Daguio
(Cover)
Ruben Molomog
(Layout)

Contents:
The same as in the pamphlet *The Holy Rosary, plus:* ***Basic Christian Prayers and other Marian devotions,*** including the ***Novena to Our Mother of Perpetual Help.***

Audience:
All Catholics, especially the devotees of Mary Most Holy

Technical Data:
2.5" x 3.75"; 48 pages, in B/W; cover in full color; saddle-stitched

Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore